


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Mga Hayop na Ligaw at *Endangered* Kalingain at Alagaan



Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode

Ikaapat na Markahan – Modyul 4 Mga Hayop na Ligawat Endangered: Kalinaig at Alagaan
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produktong brand name, tatak o trade mark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) naging namit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Hnagsunin kapang matunon ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaghalal na mga may-akda ang karapatang-ari ng iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Irilat halaga ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihi m Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihi m Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Mga Manunulat:	Josephine Bruselas-Men	Agnes Dejurao-Nocos
	Lea B. Perez	Jessica Abanto-Pura
Tagasuri:	Mary Jean B. Bizuela	Sheila C. Bulawan
	Dollie G. Franche	Irene F. Yazon
Tagaguhit:	Jed T. Adra	
Tagalapat:	Jeffrey B. Sape	John Claude R. Caunca
	Vergel Junior C. Eusebio	
Tagapamahala:	Gilbert T. Sadsad	Francisco B. Bulalacao,
	Grace U. Rabelas	Lailanie R. Lorico
	Jily I. Rocas	Merlita B. Camu

Ililimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Street, Rarinas, Legazpi City 4500
Contact: 0917-178-1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 4:

**Mga Hayop na Ligaw at
Endangered Kalingain at Alagaan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulat upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kalamayan sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulat sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulat. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o namarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng sulirarin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Al a m i n

Ang pagkalinga sa mga hayop na lalang ng Diyos ay pagpapakita ng iyong pagpapahalaga sa Kaniyang mga nilikha. Dapat alagaan ang mga hayop sapagkat sila ay rilalang ng Diyos at nakakatulong sa atin sa maraming paraan.

Alam mo ba na bukod sa mga karaniwang hayop na inaalagaan natin ay may iba pang hayop na nangangailangan din ng pagkalinga at pagmamahal mula sa tao. Sila ang mga hayop na ligawat at mga hayop na nanganganib nang maubos o *endangered animals*. Katulad ng ibang likha ng Diyos, ang mga hayop ay dapat pahalagahan at kalinain.

Bilang batang mag-aaral, kaya mo rin bang mapakita ang pagpapahalaga sa kanila?

Sa modyul na ito inaasahang napahahalagahan ang lahat ng mga likha na may buhay:

- pagkalinga sa mga hayop na ligawat at *endangered*



Subukin

Basahin mabuti ang mga pahayag tungkol sa pagturing ng tao sa mga hayop. Isulat sa sagutang papel ang titik **T** kung ito ay tamang gawi at **M** kung mali.

- ___ 1. Hnapaliguan ang alagang aso upang mapanatili itong malinis.
- ___ 2. Hnuhuli ang mga ibon upang alagaan sa bahay.
- ___ 3. Sinasaktan o pinagmamalupitan ang mga alagang hayop.
- ___ 4. Nagbabasa tungkol sa mga batas upang maproteksyunan ang mga hayop.
- ___ 5. Inaalagaan ang mga hayop na may sakit.
- ___ 6. Hnapanatiling malinis at maayos ang kulungan para sa alagang hayop sa bahay.
- ___ 7. Hnapakain ang mga alagang hayop isang beses sa loob ng isang linggo.
- ___ 8. Sirisira ang mga punongkahoy na tirahan ng mga ibon.
- ___ 9. Hindi rililinis ang kulungan o tirahan ng alagang hayop.
- ___ 10. Inaalaman ang mga tamang paraan ng pag-aalaga ng hayop gamit ang *internet*.

Aralin**1****Mga Hayop na Ligaw at
Endangered Kalingain at
Alagaan**

Ang tao ay may pananagutan at tungkulin sa iba pang mga nilikha ng Diyos, may buhay man o wala. Kailangan ng mga hayop ang ating pagmamahal at pag-aalaga sa kanila upang hindi sila maubos at nawala. Tayo ang natatanging nilalang na maaaring tumulong upang hindi mangyari ito.

Sa modyul na ito ay matutunan mo na ang pagkalinga ay hindi lamang ipinakitita sa mga tao. Ito ay ipinapakita rin sa iba pang nilikha tulad ng mga hayop lalo na sa mga ligaw at nangangarib nang maubos o *endangered species*. Mauunawaan mo na ang pagmamahal sa Diyos ay patuloy na nalililang o napauunlad kapag iyong pinahahalagahan ang lahat ng kaniyang nilikha.

Teka muna! Bago mo tuluyang tuklasin ang araling ito, iyong balikan ang natutunan mo sa nakaraang aralin.

**Balikan**

Paano mo ipinapakita ang paggalang sa iyong kapuwa? Ilagay ang hugis-s puso  sa patlang kung nagpapakita ito ng paggalang sa kapuwa at malungkot na mukha  naman kung hindi.

- _____ 1. Binabati ni Hring ang kaniyang guro sa tuwing nakasalubong niya ito sa daan.

- _____ 2. Sumasagot nang pasigaw si Ashley sa kaniyang nanay.
- _____ 3. May sinasambit na masasamang salita si Janet kung naki ki pag- usap sa labas ng kanilang bahay.
- _____ 4. Nagmamano si Ken Rovic sa kaniyang lolo pagkarating sa bahay galing paaralan.
- _____ 5. Tinutukso ni Zymon ang kalalagang may kapansanan.



Tuklasin

Nakarating ka na ba sa *Manila Zoo*? Sa *Wildlife o Animal Park* sa inyong lugar? Basahing mabuti ang kuwento at sagutin ang mga tanong pagkatapos.

Fieldtrip sa *Manila Zoo*

ni Josephine Bruselas Men



Masayang masaya ang klase ni Bb. Bida nang ibalita niya na magkakaroon sila ng lakbay-aral sa susunod na araw. Lahat ay nasasabik sa gaganapin na pamamasyal.

Dumating ang araw ng lakbay-aral, lahat ay handang-handa nalalo na si Zymon, ang mag-aaral na mapagmahal sa mga hayop. Hindi niya maaaring palagasin ang pamamasyal patungo sa *Manila Zoo*.

Pagdating nila sa zoo ay ginabayan sila ng *zookeeper* o ang tagapangalaga ng mga hayop. Isa-isang ipinakita sa kanila ang mga hayop na ligaw at *endangered* tulad ng ahas, *giraffe*, tamaraw, usa, *Philippine eagle*, *crocodile*, tigre, leon, at marami pang iba. Namangha ang mga bata sa dami ng mga hayop na nakita nila. Kanya-kanya silang kuha ng larawan ng mga hayop. Ibinahagi ng *zookeeper* ang tamang pamamaraan sa pangangalaga ng mga ito.

“Mga bata, nais kong malaman rinyo ang mga dapat tandaan upang mapanatiling ligtas ang mga hayop na tinuturing na *endangered* at ligaw. Iwasan ang panghuhuli at pananakit sa mga hayop. Bawal ang pagpatay sa kanila. May kaukulang parusa ang sinumang gumawa rito. Ang mga inaalagaang hayop naman ay ituring na parang kaibigan at huwag pabayaang. Magsaliksik ng tamang pamamaraan sa pag-aalaga ng mga ito. Iulat sa may kapangyarihan ang sinumang nagmamaltrato rito. Protektahan ang tirahan nila”.

“Mahalin natin sila upang maiwasan ang pagkaubos nila. Mangako kayo na aalagaan ang mga hayop dahil katulad din natin sila na nilikha ng Diyos”, paliwanag muli ng *zookeeper*.

“Opo”, sabay sabay na sagot ng mga bata.

“Sir, maaari po bang alagaan sa bahay namin ang ligaw na hayop o *endangered animals*”, tanong ng batang si Zymon.

“Ayon sa Republic Act No. 9147 o ang *Wildlife Resources Conservation and Protection Act*, maaari naman ngunit kailangang mabigyan ng *Certificate of Wildlife Registration* mula sa *Department*

of Environment and Natural Resources (DENR) ang sinumang nais mag-alaga.” paliwanag ng zookeeper.

Lahat ay may natutunan sa kanilang pamamasyal. Umuwi silang masasaya at gumawa ng maikling kwento mula sa kanilang naging karanasan bilang bahagi ng kanilang output sa Araling Panlipunan.

Sagutin ang mga tanong at isulat ang iyong kasagutan sa sagutang papel.

1. Saan nagpunta ang mga bata?

2. Ano ang naramdaman nila pagdating doon? Bakit?

3. Sa anong pamamaraan inaalagaan at kinakalinga ang mga hayop na ligaw at *endangered animals*?

4. Sa iyong palagay, tama bang alagaan at kalinain ang mga hayop na ligaw at *endangered animals*? Bakit?



Surin

Lahat ng nilikha ng Diyos ay mahalaga at may gampanin sa mundo. Tulad ng mga hayop sa ating paligid. Dapat alagaan ang mga hayop sapagkat sila ay nilalang ng Diyos at nakatutulong sila sa atin sa marangiang paraan. Katulong natin ang mga hayop sa ating mga gawain tulad ng mga kalabaw na katuwang ng magsasaka sa pag-aararo sa bukid. Ang mga kabayo naman ay nagsisilbing transportasyon sa ilang lugar. Samantalang ang aso ay napakikinabangan sa pagpapanatili ng seguridad ng mga tao.

Ang mga hayop ay nagbibigay din ng pagkain tulad ng baboy, baka, at manok na madalas ihanda sa hapag-kainan. Ang balat ng ilang hayop ay maaaring gamitin bilang *material* sa iba't ibang uri ng produkto tulad ng sapatos at *bag*. Ang mga hayop din ay nagdudulot ng kasiyahan sa atin. Mahalaga at kapaki-pakinabang ang nagagawa para sa atin ng mga hayop kaya dapat na matutunan natin silang pangalagaan at protektahan.

Bukod sa mga karaniwang hayop na ating inaalaan at nakikita sa kapaligiran, may mga ligaw na hayop at *endangered animals* din na dapat nating alagaan at protektahan. Tinatawag na *endangered animals* ang mga hayop na nangangarap nang maubos at maaaring mawala pagdating ng panahon. Nawawala ang mga hayop kung ang huling uri ay namatay na maaaring dahil sa pagkasira ng kanilang tirahan, polusyon, at ilegal na pangangaso. Ibig sabihin, kapag ang mga natitirang hayop ay namatay, hindi na sila muling makikita sa mundo. Nawawala na sila magpakailanman. Ilan sa mga ligaw na hayop at *endangered animals* ang *giraffe*, baboy ram, *gorilla*, buwaya, *Philippine eagle*, tamaraw, *tarsier*, *spotted deer*, pagong, pilandok, ahas, at iba pa. Kadalasan, makikita ang ilan sa mga ito sa zoo. Ang zoo ay isang lugar kung saan pinangangalagaan ang iba't ibang hayop. May mahalagang parte itong ginagampanan upang proteksiyunan ang mga hayop laban sa pagkalipol.

Ang *Republic Act 8485*, na mas kilala bilang *Animal Welfare Act*, ang unang batas na komprehensibong nagtadhana sa tama at makataong pangangalaga ng mga mamamayan sa lahat ng hayop sa Pilipinas. Sa pamamagitan ng batas na ito nabuo ang *Committee on Animal Welfare* na siyang mamumuno sa pagpapatupad ng batas.


Ayon sa batas na ito dapat mabigyan ang lahat ng hayop ng wastong pangangalaga, at maaaring maparusahan ang sinumang mapatunayang lumalabag dito. Sa seksiyon 6 ng batas, ipinagbabawal ang pananakit o pagpatay sa mga hayop maliban sa mga hayop na kinakain tulad ng baka, baboy, manok, kambing, tupa, kalabaw, at kabayo. Ayon naman sa *Republic Act 9147* o ang "*Wildlife Resources Conservation and Protection Act*" maaaring mag-alaga ng anumang klase ng *protected* at *endangered species* ngunit kinakailangan lamang na mabigyan ng *Department of*

Environment and Natural Resources (DENR) ng Certificate of Wildlife Registration (CWR). May proseso na dapat sundin kung nais mag-alaga ng anumang uri ng protected at endangered species at kapag nilabag ito ay may kaukulang parusa o multa.

Ingatan at protektahan natin ang mga hayop upang maiwasan ang pagkaubos nila. Kapag nawala sila, wala na rin tayong mapagkukunan ng ating mga kailangan at pagkain. Maraming paraan ang maaari nating gawin upang alagaan at mahalin sila. Bigyan sila ng tama at sapat na pagkain, lirisin ang kanilang tirahan, gamutin kung maysakit, huwag sirain ang kanilang tirahan, iwasan din ang pagputol ng mga kahoy na nagsisilbing tirahan ng ibang mga hayop, mas mabuti kung magtanim ng mga puno para sa kanilang tirahan, magsuporta sa ahensya ng pamahalaan na kumakalinga sa mga hayop, at magkaroon ng kaalaman sa wastong paraan ng pag-aalaga ng mga hayop.

Mayroong mga ahensya at organisasyon na tumutulong sa mga *endangered* at ligaw na hayop katulad ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman (DENR) na nakatutok sa pangangalaga at proteksyon sa mga hayop at halaman sa bansa. Isa rin sa mga organisasyon ay ang PARC o PAWS *Animal Rehabilitation Center* na nagsisilbing pansamantalang karlungan para sa mga aso, pusa, at iba pang mga hayop na naligtas mula sa kalupitan o kapabayaan na may layuni ng rehabilitahin at ilagay sila sa mga mapagmahal na tahanan.

Dapat nating pahalagahan ang mga hayop dahil rilalang din sila ng Diyos. Higit nating paunlarin ang pagmamahal at pag-aalaga sa Kaniyang mga nilikha upang patuloy na yumabong ang lahat ng biyaya Niya sa atin.




Pagya mani n

Ga wai n 1

Upang mas lalong lumawak ang iyong pag-una wa sa wastong pangangalaga sa mga ligaw na hayop, gawin ang mga ito!

Lagyan ng **tsek** (✓) ang mga larawan na nagpapakita ng wastong pangangalaga sa mga hayop. Gawin ito sa iyong sagut ang papel.



Gawain 2

Ano-anong mga hayop ang matatagpuan sa palaisipan? Bilugan ito. Pagkatapos, itala ito sa tsart at isulat ang iyong maaaring gawin na magpapakita ng pagpapahalaga sa mga ito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

P	I	L	A	N	D	O	K	A
O	S	T	L	A	D	K	B	M
D	T	L	P	D	S	A	A	H
B	N	O	I	T	O	L	L	L
A	B	I	W	A	L	A	A	I
T	A	M	A	R	A	W	P	P
R	S	A	K	S	L	A	A	Y
E	D	A	G	I	L	A	K	Y
W	S	A	N	E	N	L	P	U
Y	S	A	P	R	O	B	N	R


Mga Ligaw na Hayop o <i>Endangered</i> <i>Animals</i>	Mga Paraang Gagawin ko Upang Ipakita ang Pagpapahalaga sa Kanila



Isaisip

Sagutin ang tanong sa loob ng kahon.

Bakit kinailangang protektahan ang mga hayop na ligaw at *endangered animals*?





Isagawa

Mag-isip ng mga paraan kung papaano mo mapangalagaan ang mga ligaw na hayop. Gumawa ng isang pangako na magsisilbing paalala kung paano sila dapat pangalagaan. Isulat ang pangako sa sagutang papel.

Pangako sa Pag-aalaga ng Hayop na Ligaw

Ako si, _____ ay nangangakong
aalagaan ko ang ligaw na hayop tulad ng _____ sa
pamagitan ng _____

_____.



Tayahin

Iguhit ang masayang mukha 😊 kung ang pahayag ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa ligaw na hayop at *endangered* ani mal, at malungkot na mukha ☹ na man kung hindi.

- ___ 1. Pagtatanim ng mga halaman para magi ng tirahan ng mga hayop.
- ___ 2. Pagbigay-alam sa kinauukulan ng nasaksihang pang-aabuso sa hayop sa tulong ng magulang.
- ___ 3. Paghuli ng agila sa kagubatan upang ipagbili.
- ___ 4. Pagbato sa mga ligaw na aso at pusa sa kalsada.
- ___ 5. Paglaan ng oras upang makipaglaro sa mga alagang hayop.

Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang sumusunod ay nagpapakita ng pagmamahal sa ligaw na hayop **maliban** sa _____?
 - A. Paghuli ng mga ligaw na hayop upang ibenta.
 - B. Pag-iwas sa paninira ng tirahan ng mga ligaw na hayop.
 - C. Paghiikayat sa kaibigan na alagaan ang mga ligaw na hayop.
 - D. Pagsita sa ibang bata na namabato ng ligaw na hayop.

2. Napanood mo sa telebisyon na malapit nang maubos ang mga *endangered* na hayop. Gusto mong makatulong upang manumbalik ang dami rito at hindi maubos. Alin sa mga sumusunod ang hindi mo dapat gawin?
- A. Pagbahagi ng mga nalalaman tungkol sa pagprotektang *endangered* na hayop.
 - B. Pagpapaalam sa magulang ng nanghihinang agila na napadpad sa bakuran upang ipagbigay-alam sa kinauukulan.
 - C. Pagputol ng mga sanga ng puno na dinadapuan ng mga ibon.
 - D. Pagsuporta sa batas na nagbabawal sa panghuhuli ng *endangered animals*.
3. Alin ang nagpapakita ng tamang pangangalaga sa mga ligaw na hayop o *endangered animals*?
- A. Pinapaalis ko ang mga ibong dumadapo sa sanga ng puno.
 - B. Hinahayaan kong batuhin ng mga bata ang baboy ram.
 - C. Pinaglalaruan ko ang pagong na nakita ko sa tabing ilog.
 - D. Nagtatanim ako ng puno upang may masilungan sila.
4. Habang namamasyal kayo sa *Manila Zoo*. Nakita mong binabato ng mga bata ang buwaya. Ano ang gagawin mo?
- A. Babatuhin ko rin ang buwaya.
 - B. Galit na pagsasabihan sila.
 - C. Hahayaan ko lang sila.
 - D. Sasawayin ko sila.
5. Ang pagkalinga sa mga ligaw na hayop at *endangered animals* ay isang magandang katangian na nagpapakita ng pagmamahal sa _____?
- A. sarili
 - B. kapuwa
 - C. halaman
 - D. Diyos



Karagdagang Gawain

GINAGAWA MO BA ANG PAGKALINGA AT PAG-AALAGA SA MGA HAYOP? Lagyan ng **tsek (✓)** ang hanay ng iyong sagot. Gawin ito sa iyong kuwader no.

	Palagi	Madalas	Hindi
1. Pinapaliguan ko ang mga hayop kung kailan ko lang nais.			
2. Pinagsasabihan ko ang aking mga kaibigan na huwag manakit ng mga nakikitang hayop sa kapaligiran.			
3. Hindi ko sisira ang tirahan ng mga hayop.			
4. Ibinabahagi ko sa iba ang aking natutunan sa pagpapahalaga sa mga ligaw na hayop at <i>endangered animals</i> .			
5. Nagtatanim ako ng mga puno upang may masilungan ang mga hayop.			
6. Nanood ako ng programa ukol sa tamang pagkalinga ng mga hayop.			
7. Inaalagaan ko ang may sakit na hayop.			
8. Pinapabakunahan ng aking pamilya ng “ <i>anti-rabies</i> ” ang aking alagang aso.			
9. Tititiyak ko na tama ang pagkaiing ibibigay ko sa alagang hayop.			

10. Sumasali ako sa aking mga kal aro sa pagbato sa mga asong naliligaw sa aming lugar.			
---	--	--	--

Hinabati kita! Ngayon ay mas lalong nadagdagan pa ang iyong kaalaman sa tamang paraan ng pagkalinga at pagprotekta sa mga hayop na ligaw at *endangered*. Inaasahan kong isa ka sa makababahagi ng iyong nalalaman tungkol sa pagpapahalaga sa mga hayop. Ibahagi mo rin sa iba na mahalín nila ang mga hayop upang patuloy na malinang ang pagmamahal sa mga nilikha ng Diyos.



Susi sa Pag-uawasto

Subukin 1. T 2. M 3. T 4. M 5. M 6. T 7. M 8. M 9. M 10. T	Balikun 1. 2. 3. 4. 5.	Tuklasin - sa zoo - na mangha, dahil i-ba-ibang hayop ang karilang nakita - Huwag si-sira nang karilang tirahan - Huwag silang sasaktan. Itung silang parang kai-bigan at huwag pababayan - Opo, dahil nilikha rin sila ng Diyos na nangangailangan ng kali-nga at pag-uawasto.																																																																																																													
Pagyma n Gawain 1 <table border="1"> <tr><td>A</td><td>K</td><td>O</td><td>N</td><td>D</td><td>I</td><td>L</td><td>A</td><td>N</td><td>T</td><td>A</td></tr> <tr><td>M</td><td>B</td><td>K</td><td>D</td><td>A</td><td>L</td><td>A</td><td>S</td><td>A</td><td>P</td><td>A</td></tr> <tr><td>M</td><td>B</td><td>K</td><td>D</td><td>A</td><td>L</td><td>A</td><td>S</td><td>A</td><td>P</td><td>A</td></tr> <tr><td>M</td><td>B</td><td>K</td><td>D</td><td>A</td><td>L</td><td>A</td><td>S</td><td>A</td><td>P</td><td>A</td></tr> <tr><td>M</td><td>B</td><td>K</td><td>D</td><td>A</td><td>L</td><td>A</td><td>S</td><td>A</td><td>P</td><td>A</td></tr> <tr><td>M</td><td>B</td><td>K</td><td>D</td><td>A</td><td>L</td><td>A</td><td>S</td><td>A</td><td>P</td><td>A</td></tr> <tr><td>M</td><td>B</td><td>K</td><td>D</td><td>A</td><td>L</td><td>A</td><td>S</td><td>A</td><td>P</td><td>A</td></tr> <tr><td>M</td><td>B</td><td>K</td><td>D</td><td>A</td><td>L</td><td>A</td><td>S</td><td>A</td><td>P</td><td>A</td></tr> <tr><td>M</td><td>B</td><td>K</td><td>D</td><td>A</td><td>L</td><td>A</td><td>S</td><td>A</td><td>P</td><td>A</td></tr> <tr><td>M</td><td>B</td><td>K</td><td>D</td><td>A</td><td>L</td><td>A</td><td>S</td><td>A</td><td>P</td><td>A</td></tr> </table> -Maaaring ibang-ba ang sagot sa ikalawang hanay ng isart. Gawain 2	A	K	O	N	D	I	L	A	N	T	A	M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A	M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A	M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A	M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A	M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A	M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A	M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A	M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A	M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A	Isatip Maaari ng i-ba-ibang sagot ng mga mag-aaral. Isagawa Maaari ng i-ba-ibang sagot ng mga mag-aaral Karagdagang Gawain Maaari ng magkakaibang-ba ang sagot ng mga mag-aaral. Tayahin 1. 2. 3. 4. 5.
A	K	O	N	D	I	L	A	N	T	A																																																																																																					
M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A																																																																																																					
M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A																																																																																																					
M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A																																																																																																					
M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A																																																																																																					
M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A																																																																																																					
M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A																																																																																																					
M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A																																																																																																					
M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A																																																																																																					
M	B	K	D	A	L	A	S	A	P	A																																																																																																					

Sangguni an

Kahal agahan Ng mga Hayop. (2018, October 13). Eric Catausan. <https://catausaneric.wordpress.com/2018/10/13/kahal-agahan-ng-mga-hayop/>

Mga bat as Na nangangal aga Sa kapakanan Ng mga hayop. (n d). GMA News Online. <https://www.gmanetwork.com/news/publicaffairs/imbestigador/334614/mga-bat-as-na-nangangal-aga-sa-kapakanan-ng-mga-hayop/story/>

(n d). LEARNING RESOURCE CENTER - LRMS. https://dlrciligan.weebly.com/uploads/5/0/8/0/50800379/mahalin_at_arugain_ang_mga_hayop.pdf

K to 12 grade 4 learner's materi d in Esp (q1-q4). (2015, 7). Share and Discover Knowledge on SlideShare. <https://www.slideshare.net/lhoralignt/k-to-12-grade-4-learners-material-in-esp-q1q4>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Tel/fax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: Dr.Irqad@deped.gov.ph * Dr.Irpd@deped.gov.ph